NSW GOVERNMENT

What do I need to know if my child is suspended?

Parent/carer information

# Ano ang dapat kong malaman kung ang aking anak ay nasuspinde?

## Impormasyon para sa magulang/tagapag-alaga

### Ano ang pagkakasuspinde?

Ang pagkakasuspinde ay kung ang paaralan ay nagsabi sa isang estudyante na huwag pumasok sa paaralan ng ilang araw. Ang mga estudyante sa Kindergarten hanggang Year 2 ay maaaring masuspinde hanggang 5 araw na may pasok ang paaralan at ang mga estudyante sa Year 3 – 12 ay maaaring masuspinde hanggang 10 araw na may pasok sa paaralan.

Ang mga prinsipal ay maaaring magsuspinde sa isang estudyante kung ang pag-uugali ng estudyante ay nakakabahala na magbibigay ng panganib sa iba o sa pagtuturo at pagkatuto.

Maaaring magsuspinde ang mga principal kung nasubukan na nilang pamahalaan ang nakakabahalang pag-uugali ng estudyante sa ibang mga paraan at nangangailangan ang paaralan na gumawa ng planong pansuporta sa pag-uugali at magplano sa pagpapanatili ng kaligtasan ng lahat habang ang estudyante ay hindi pumapasok sa paaralan. Dapat isaalang-alang ng mga prinsipal ang pag-uugali at mga pangangailangan ng estudyante kapag nagdedesisyon sa pagsuspinde. Kung seryosong problema ang pag-uugali o isang problema sa kaligtasan, ang iyong anak ay maaaring mailagay sa isang kagyat na pagkakasuspinde.

### Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay masuspinde?

Sasabihin mismo ng prinsipal sa estudyante kung nararapat. Sila ay kaagad na mag-aabiso sa mga magulang o tagapag-alaga, kung maaari, o sa loob ng 24 oras. Ikaw at ang iyong anak ay dapat mabigyan ng pagkakataon na makikipagpulong sa paaralan upang sagutin ang pagsususpinde. Ang paaralan ay makikipagtulungan sa iyo sa mga istratehiya at suporta na mailalagay upang matulungan ang iyong anak.

Magbibigay din ang prinsipal sa iyo ng nakasulat na abiso ng pagsususpinde, na kasama ang mga dahilan kung bakit nasususpinde ang iyong anak, ang mga detalye at katagal ng pagkakasuspinde.

Habang nakasuspinde, ang iyong anak ay hindi papayagang makapasok sa paaralan. Magbibigay ang paaralan ng suporta upang patuloy na natututo ang iyong anak habang sila ay nakasuspinde at sinusubaybayan ka at ang iyong anak. May makukuhang impormasyon tungkol sa kung paano masusuportahan ang kapakanan ng iyong anak habang nakasuspinde.

### Pagpapatagal sa isang pagsususpinde

Kung ang pagkakasuspinde ay hindi nagbibigay ng sapat na panahon upang makapagplano ng mga suporta o may patuloy na panganib sa kaligtasan na hindi pa napamahalaan, maaaring patatagalin ng prinsipal ang pagsuspinde. Maaabisuhan ang mga magulang/tagapag-alaga bago magtapos ang pagkakasuspinde kung ito ay madaragdagan ng araw.

### Maaari ko bang maapela ang isang pagkakasuspinde?

Oo, kung naniniwala ka na ang prinsipal ay nakagawa ng maling desisyon o hindi sumunod sa patakaran at mga pamamaran. Sumangguni sa mapagkukunan tungkol sa Pag-aapela.

May karagdagang makukuhang impormasyon tungkol sa pag-aadbokasya para sa iyong anak at pati ang Karta ng Komunidad sa Paaralan na nagbabalangkas ng mga paraan sa pagkikipag-usap sa mga paaralan.

### Ano ang panglunas na pagpupulong sa pagkasuspinde?

Ang iyong anak ay makakabalik sa paaralan sa mismo o bago ang petsa na magtatapos ang pagkakasuspinde. Ang iyong magandang pakikitungo sa paaralan ay napakamahalaga sa pamamahala ng pag-uugali ng iyong anak at sa magkasamang paglikha ng mga solusyon. Bago makabalik ang iyong anak, tatawagan kayo ng paaralan sa telepono upang makikipag-ayos ng panlunas na pagpupulong na kasama ang mga kawani ng paaralan na tumutulong ng malapitan sa iyong anak.

Ang pagpupulong ay maaaring harap-harapan, sa telepono o online sa paraang makapagbibigay ng pinakamahusay na positibong talakayan. Ang pagpupulong ay tungkol sa kung paano kayo magtutulungan sa pagsuporta sa iyong anak kapag babalik na ito sa paaralan. Maaari kayong magsama ng isang taong taga-suporta sa pagpupulong. Ang taong taga-suporta ay maaaring isang tao na makapagbibigay sa iyo at/o sa iyong anak ng praktikal at/o emosyonal na suporta.

Sa mga nakakabahalang pag-uugali na nangangailangan ng mas maraming istratehiya at suporta, ang paaralan ay makikipagtulungan sa iyo at sa iyong anak na lumikha ng isang plano na makapagsusuporta sa kanila at mabawasan ang anumang mga panganib. Ang iyong anak ay maaaring mayroon nang nakapwestong plano. Kung ang isang plano ay nakapwesto na, ito ay maaaring itutugma upang makatulong sa iyong anak. Itong plano ay ibabahagi sa iyo at sa mga kawani ng paaralan na susuporta sa iyong anak.

### Paano kung mauulit ang masamang pag-uugali?

Kung ang nakakabahalang pag-uugali ay mauulit, ang prinsipal at ang pangkat na pansuporta ng pagkakatuto sa paaralan ay susubukang magtukoy ng mga paraan na makakasuporta sa pagkakatuto ng iyong anak, na maaaring kasama ang panibagong pagsuspinde. Maaaring kasama rito ang pagtatanong sa mga ekspertong taga-departamento na tumulong sa pagbibigay ng suporta.

### Ano ang impormasyong makukuha ko mula sa paaralan?

Maaari kayong magtanong sa paaralan ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyari at kung bakit. Dapat ipaliwanag sa iyo ng paaralan ang mga kadahilanan sa anumang desisyon, anong aksyon ang mangyayari at kung ano ang gagawin kung kayo ay may problema.

### Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayarin sa serbisyong ito.